

KARAPATANG PANTAO

MGA DAPAT MONG GAWIN KUNG
NAGKAROON NG PAGLABAG

SAPANA HON NG COVID-19

Kung ikaw ay nasa checkpoint ...

Sinabi ng Korte Suprema na “kung sakali ang karapatan ng mamamayan ay nilabag habang nasa checkpoint, sila ay dapat mapangalagaan ng batas. Ang militar o awtoridad ay hindi sumasaibabaw sa batas. At dapat tiyakin ng mga hukuman na ang batas ay sumasaibabaw sa lahat. Sakaling ang mga militar kasama ang mga opisyal na nagbabantay ng checkpoint ay nang-abuso ng kanilang kapangyarihan, dapat managot sila sa batas. Ang kaisipan na ito ay dapat pinapaunawa at pinapaintindi sa mga militar ng pamunuan ng Sandatahang Lakas.” Ayon din sa Korte Suprema, kadalasang hindi ipinagbabawal ang pagsasagawa ng checkpoint hangga’t ang loob ng sasakyan ay hindi hinahalughog o ang pasahero nito ay hindi kinapkapan at ang inspeksyon ay limitado lamang sa pagtingin o visual search.



Ano ang VISUAL SEARCH?

Inspeksyon na isinasagawa sa checkpoint tulad ng pagtutok ng ilaw ng flashlight sa loob ng sasakyan, at ang mga lulan nito ay hindi kinakapkapan.



Mga IPINAGBABAWAL na gawin ng mga awtoridad sa checkpoint:

Kung walang sapat na dahilan upang magsagawa ng masinsinang paghahalughog, ang mga awtoridad ay:

1. Hindi maaaring pilitin ang mga pasahero ng sasakyan na bumaba at lumabas ng sasakyan;
2. Hindi maaaring kapkapan ang mga pasahero; at
3. Hindi maaaring pilitin na buksan ang sasakyan.

Bilang pagsunod sa pagpapatupad ng Community Quarantine payo namin na magdala ng mga sumusunod upang maiwasan ang pagpigil sa checkpoint sa labas ng iyong bahay:



Identification Card na nagpapatunay na ikaw ay kasama sa mga “essential workers” at frontliners;



Authorization Letter mula sa kompanya na iyong pinagtatrabahuhan; at/o




Quarantine pass.

Dapat laging igalang ang mga awtoridad na nagbabantay sa mga checkpoint.

Ano naman ang SPOT CHECK?

Maaaring isailalim sa spot check ang isang tao kung makikita ng pulis na kahinahinala ang kanyang mga ikinikilos at maaring isiping sangkot siya sa krimen; kung siya ay may bitbit na kahina-hinalang bagay o baril; kung siya ay naroon mismo at malapit sa pinangyarihan ng krimen; kung alam ng pulis ang pagkakasangkot ng tao sa kriminal na gawain; o kung siya ay tumakbo pagkatapos tawagin ang kanyang pansin ng pulis dahil kahina-hinala ang gawaing iyon.



Karaniwang mga patakaran sa pagsasagawa ng spot checks na dapat mong malaman:



Magpakilala na siya ay isang pulis at kung hindi siya nakasuot ng uniporme, dapat niyang sabihin ang kanyang pangalan kasabay ng pagpapakita ng kanyang ID at tsapa;



Magalang sa lahat ng oras at ipaalam ang iyong pangalan at tirahan upang mawala ang kanyang panghihinala sa iyo at hindi ka dapat tanungin nang matagal na hindi ayon sa kaparaanan ng batas;



Maaaring magalang na hindi ka sumagot sa mga tanong ng pulis habang ikaw ay nasa spot check; at




Ang hindi mo pagsagot sa mga tanong ng pulis ay hindi dapat dahilan upang ikaw ay arestuhin nang dahil lamang doon.

KALAYAAN SA PANANALITA, PAGPAPAHAYAG AT MAPAYAPANG PAGTITIPON Katipunan ng mga Karapatan o Bill of Rights

Nakasaad sa Seksyon 4, Artikulo III, Katipunan ng mga Karapatan (Article 3, Bill of Rights, 1987 Constitution) na hindi dapat magpatibay ng batas na nagbabawas sa kalayaan sa pananalita, pagpapahayag, o ng pamahayagan, o sa karapatan ng mga taong-bayan na mapayapang magkatipon at magpetisyon sa pamahalaan upang ilahad ang kanilang mga karaingan. **SUBALIT**, ang karapatan sa mapayapang pagtitipon ay hindi absoluto. Ito ay nasa ilalim ng regulatory powers ng estado upang tiyakin ang pagpapanatili ng kaayusan at ang nasabing pagtitipon ay hindi makapaminsala sa ibang tao at sa komunidad.

Kalayaan sa mapayapang pagtitipon

Ang kalayaan sa mapayapang pagtitipon ay karapatan ng sino mang tao na magpulong at magtipon para sa konsultasyon kaugnay sa pambansang kapakanan (U.S. v Bustos, 37 Phil. 731).



Karapatang mag-petisyon

Ang karapatang mag-petisyon ay nangangahulugan na sino mang indibidwal o grupo ng tao ay maaaring magpahayag nang walang takot sa mga ahensya ng pamahalaan o tanggapan sa kanilang paglalahad ng mga karaingan (U.S. v Bustos, supra).



Batas Pambansa 880 The Public Assembly Act

Alinsunod sa Batas Pambansa (BP) Bilang 880 o "The Public Assembly Act" ang pampublikong pagtitipon o public assembly ay anumang rally, demonstrasyon, martsa, parada, prusisyon o anumang porma ng pagtitipon na isinagawa sa pampublikong lugar upang ilahad ang anumang opinyon sa mga isyu; o pagtutol sa mga kalakaran ng gobyerno, mapa-pulitikal, pang-ekonomiya o panlipunan; o pag-petisyon sa gobyerno ng kanilang mga karaingan. Batay sa depinisyon, hindi kabilang dito ang pagpiket o ano mang sama-samang pagkilos ng mga manggagawa at empleyado na bunga ng suliranin sa paggawa na nakatakda sa Batas ng Paggawa o Labor Code at nakapaloob sa BP Bilang 227.

Ayon sa BP 880, labag sa batas ang mga sumusunod:

1. Ang paglulunsad ng sama-samang pagtitipon sa pangunguna ng pinuno o lider na walang kaukulang permiso mula sa tanggapan ng pamahalaan na nangangasiwa nito o ang paglulunsad ng pagtitipon sa lugar na hindi nakatukoy sa permit – subalit hindi dapat siya patawan ng parusa o papanagutin sa pagkakasalang kriminal dahil sa pagsali o pagdalo sa mapayapang pagtitipon;
2. Ang hindi makatwiran at 'di nararapat sa pagtupad ng tungkulin sa pagbigay ng permiso ng alkalde o sino mang opisyal;
3. Ang hindi pagtanggap ng alkalde o sino mang opisyal sa aplikasyon para sa pagkuha ng kaukulang permit;
4. Ang paghadlang o pagpigil na nagbabawas sa karapatan sa mapayapang pagtitipon;
5. Ang pagpapaputok ng baril ng pulis o sino mang awtoridad sa pagbuwag sa pagtitipon ng mga tao; at
6. Ang mga sumusunod na hindi dapat gawin 100 metro ang layo mula sa lugar ng pagtitipon:
 - Ang pagbitbit ng nakakamatay na kagamitan o bagay tulad ng baril, pillbox, bomba at iba pa;
 - Ang pagdala ng kutsilyo at katulad nito;
 - Ang pagsusunog ng anumang bagay sa kalsada;
 - Ang pagbitbit ng baril ng sino mang pulis o awtoridad; at
 - Ang pagdisturbo o pag-abala sa paglunsad ng pagtitipon sa pamamagitan ng malakas na tunog ng trompa o loud sound system. Sa madaling salita, alinsunod sa BP 880, ipinapatupad ang no-permit, no-rally na patakaran.



KUNG NILABAG ANG IYONG MGA KARAPATAN, MAAARI KANG HUMINGI NG REMEDYO KASAMA DITO ANG BAYAD-PINSALA AT REHABILITASYON

Ayon sa batas, sakaling nilabag ang iyong karapatan, ang sino mang opisyal at mga kinauukulang mga kawaning pambayan ay mananagot sa batas at ang kaparusahan ay maaaring kriminal, sibil at administratibo. Ang mga sumusunod na tanggapan ng pamahalaan ay may mga mekanismo para sa pagsiyasat sa sumbong o reklamo laban sa sino mang pulis o awtoridad na sangkot sa paglabag sa karapatang pantao:

Commission on Human Rights (CHR)

Globe: 0936-068-0982 Smart: 0920-506-1194
Email: chad.pasco.chr@gmail.com

Office of the Ombudsman for the Military and Other Law Enforcement (MOLEO)

Email: paccb_moleo@ombudsman.gov.ph

PNP Human Rights Affairs Office

Telepono: 8723-0401 Loc 3668
Email: pnphrao@gmail.com

Armed Forces of the Philippines

Facebook: @armedforcesofthephilippines

Philippine National Police-Internal Affairs Service (PNP-IAS)

Telepono: (632) 899-7504



Ito ay hatid sa inyo ng Human Rights Education and Promotion Office ng CHR. Ang nilalaman ng flyer na ito ay hango sa nilalaman ng "Dignidad at Karapatang Pantao, Itaguyod at Ipaglaban" na inilathala ng Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA). Ang mga opinyon na nakapaloob dito ay maaaring hindi pareho sa opinyon ng USAID at ng The Asia Foundation na siyang nagbigay ng financial support sa gawa ng PAHRA, at sa opinyon ng European Union (EU) at ng Spanish Agency for International Development Cooperation (AECID) na nagbigay ng financial support sa gawa ng CHR.